

Public education  
Discover a world of opportunities

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYANG UKOL SA MGA GAWAING NAUKOL SA BILANG KAPAG KAYO AY GUMAGAWA NG KARANIWANG GAWAIN

### Sa kotse

Maraming mga larong maaari ninyong laruin kasama ng inyong anak sa kotse upang panatilihin siyang abala:

- Bilangin kasama ng inyong anak ang mga kotse. Gawin ninyong medyo mahirap ang laro sa pamamagitan ng pagbilang ng mga kotse ng bawat kulay.
- Bantayan at ituro ninyo ang mga bilang kapag kayo namamasyal, gaya halimbawa sa mga karatula, mga plaka ng kotse at mga pintuan sa harapan ng bahay.

### Sa kapit-bahayan

Kapag kayo ay naglalakad kasama ng inyong anak sa inyong kapit-bahayan:

- bilangin ninyo ang mga bilang nga mga bahay sa inyong karsada
- mag-usap kayo tungkol sa mga hugis, halimbawa: *Tatsulok ang senyas ng pagbigay ng daan*
- basahin at bigkasin ang mga bilang sa mga buson

### Pamimili

Kapag kayo ay namimili, magiging abala ang inyong anak kung

papagawain ninyo siya ng mga sumusunod:

- bilangin ang mga bagay na nasa trolley, basket o supot
- ituro at humanap ng mga bilang sa tindahan, halimbawa, sa mga etiketa at mga pasilyo sa tindahan
- hanapin at mag-grupo ng mga *mabibigat* at *magagaang* na mga bagay kapag inaalis sa pagkakaimpake ang mga pinamili.

**Tanungin ninyo ang inyong anak ng mga tanong habang kayo ay gumagawa ng mga pang-araw-araw na gawain upang siya ay magsimulang mag-isip at makipag-usap tungkol sa matematika mula sa maagang gulang.**

**Magtanong kayo ng mga tanong gaya ng: Gaano karami? Aling paraan ito? Magkakasya ba ito sa loob niyan? Mayroon bang sapat para sa ating lahat? at Gaano kalaki ito?**



**Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa [education.wa.edu.au](http://education.wa.edu.au).**



Department of  
Education